Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA NOONG NOBYEMBRE 22, 2010, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:50 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LOUIE C. DE LEON | ... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Florencio C. Odejar | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laarni A. Malibiran | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rolando Moises E. Acapulco | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Serafin C. San Juan, Jr. | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang John Carlos C. delos Reyes | ... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Isagani R. Malapaya | ... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay<br>nasa lakad-opisyal |

## KAPASIYAHAN BLG. 199-T2010

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 07-T2010 NG EXECUTIVE COMMITTEE NG MUNICIPAL DEVELOPMENT COUNCIL (EXECOM-MDC) NA NAGLILIPAT NG HALAGANG ISANG DAAN LIMAMPUNG LIBONG PISO (Php150,000.00) MULA SA PROGRAMANG INSTALLATION OF HUMAN RESOURCE INFORMATION SYSTEM (HRIS) TUNGO SA PROGRAMANG ALTERNATIVE LEARNING SYSTEM (ALS), TEKNOLOHIYA AT MANGGAGAWA NA MAY HALAGANG P50,000.00 UPANG MAGING P200,000.00 SA ILALIM NG 20% MUNICIPAL DEVELOPMENT FUND2011 NG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA.**

**SAPAGKA'T,** ayon sa Kapasiyahan Blg. 07-T2010 ang programang Human Resource Information System ay naisakatuparan na sa taong ito sa ilalim ng Pangkalahatang Pondo;

**SAPAGKA'T,** ang paglilipat ng naturang pondo sa kahilingan ng Kgg. Kag. Laarni A. Malibiran upang mapadagdag sa programang Alternative Learning System ay kinakailangan para sa pagpapatupad ng mga gawaing uugnay sa pangangailangan ng mga barangay sa bayang ito.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Laura P. Obligacion (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad Laarni A. Malibiran, Florencio C. Odejar at Rolando Moises E. Acapulco at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang sumusunod na:

## KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 20-T2010

**IPINAG-UUTOS** ng Kagalang-galang Sangguniang Bayan ng Santa Cruz, Laguna na:

**SEKSYON 1 –** Iliwat at ilaan ang halagang P150,000.00 mula sa programang Installation of Human Resource Information System tungo sa programang Alternative Learning System (ALS) Teknolohiya at Manggagawa na may halagang P50,000.00 upang maging P200,000.00 sa ilalim ng 20% Municipal Development Fund 2011, sa ikaaayos ng pondo.

**SEKSYON 2 –** Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos na mapagtibay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahan / kautusang ito ang Kagalang-galang Sangguniang Panlalawigan, Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at MPDC, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim

**RAMON D. TAN**
Kagawad

**FLORENCIO C. ODEJAR**
Kagawad

**RIZALDY N. KALAW**
Kagawad

**LAARNI A. MALIBIRAN**
Kagawad

**LAURA P. OBLIGACION**
Kagawad

**JUN M. ASINAS**
Kagawad

**ROLANDO MOISES E. ACAPULCO**
Kagawad

**SERAFIN C. SAN JUAN, JR.**
Kagawad

**JOHN CARLOS C. DELOS REYES**
Kagawad

NAGPATOTOO:

**LOUIE C. DE LEON**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

NAGPATOTOO:

**INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN**
Punong Bayan